

PASABI SA MGA OBLIGASYON NG MADALING PARAAN NG PAGGAMIT NG MAY-KAPANSANAN (DISABILITY ACCESS OBLIGATIONS NOTICE)

SAN FRANCISCO ADMINISTRATIVE CODE [CHAPTER 38](#)

Sa harap ninyo, bilang ang Umuupa (Tenant), ay pumapasok sa pagpapaupa sa amin, ang May-ari ng pinaupahan (Landlord), para sa sumusunod na ari-arian [INSERT DESCRIPTION/ADDRESS] (ang “Ari-arian” [Property]), mangyari lamang na alamin ang sumusunod na mahalagang impormasyon tungkol sa pagpapaupa:

Maaari kayong Panagutin para sa mga Paglabag sa Madaling Paggamit ng May-kapansanan sa Ari-arian. Kahit na hindi kayo ang may-ari ng Ari-arian, kayo, bilang ang Umuupa, gayon din ang may-ari ng Ari-arian, ay maaari pang sumailalim sa ligal at pinansiyal na mga pananagutan kung ang inuupahang Ari-arian ay hindi sumusunod sa umiiral na mga batas ng Pederal at Estado tungkol sa madaling paggamit ng may-kapansanan. Maaari ninyong naisin na kumunsulta sa isang abogado bago kayo pumasok sa pagpapaupang ito upang matiyak na inyong nauunawaan ang inyong mga obligasyon sa ilalim ng mga batas na Pederal at Estado tungkol sa madaling paggamit ng may-kapansanan. Ang May-ari ay dapat magbigay sa inyo ng kopya ng Small Business Commission Access Information Notice sa ilalim ng Seksiyon [38.6](#) ng Administrative Code sa inyong hiniling na lengguwahe. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas ng madaling paggamit ng may-kapansanan na umiiral sa maliliit na mga negosyo, maaari kayong bumisita sa website ng San Francisco Office of Small Business o tumawag sa 415-554-6134.

Ang Pagpapaupa Ay Dapat Tumutukoy kung Sino ang May Pananagutan para sa Gumagawa ng Anumang Kinakailangang mga Pagpapabuti ng Ari-arian kaugnay sa Madaling Paggamit ng May-kapansanan. Sa ilalim ng batas ng Lungsod, ang pagpapaupa ay dapat may kasamang probisyon kung saan kayo, ang Umuupa, at ang May-ari ay sumasang-ayon sa inyong kinauukulang mga obligasyon at mga pananagutan para sa paggawa at pagbabayad para sa kinakailangang pagpapabuti kaugnay sa madaling paggamit ng may-kapansanan sa inuupahang Ari-arian. Ang pagpapaupa ay dapat ding nag-aatas sa inyo at sa May-ari na gumamit ng makatwirang mga pagsisikap na ipaalam sa bawat isa kung gagawa ng mga pagbabago sa inuupahang Ari-arian na maaaring magkaroon ng epekto sa madaling paggamit sa ilalim ng mga batas ng pederal at estado tungkol sa madaling paggamit ng may-kapansanan. Maaari ninyong repasuhin ang mga probisyon kasama ng inyong abogado bago pumasok sa pagpapaupang ito upang matiyak na inyong naunawaan ang inyong mga obligasyon sa ilalim ng pagpapaupa.

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, aking pinapatunayan na aking nabasa at naunawaan itong Pasabi sa mga Obligasyon ng Madaling Paggamit ng May-kapansanan (Disability Access Obligations Notice).

Nilagdaan: _____, Umuupa (Tenant)

Nilagdaan: _____, May-ari (Landlord)

PASABI SA MGA OBLIGASYON NG MADALING PARAAN NG PAGGAMIT NG MAY-KAPANSANAN (DISABILITY ACCESS OBLIGATIONS NOTICE)

SAN FRANCISCO ADMINISTRATIVE CODE [CHAPTER 38](#)

(c) Kung ang Komersiyal na May-ari (Commercial Landlord) ay hindi tinitiyak na ang kasalukuyang mga pampublikong palikuran, pasukan sa unang palapag, at labasan sa unang palapag ay madaling gamitin ayon sa nakatakda sa subsection (a)(1) at sa halip ay magpatuloy sa ilalim ng subsection (a)(2), ang Komersiyal na May-ari ay nararapat isama ang sumusunod na pangungusap sa Pasabi sa mga Obligasyon ng Madaling Paggamit ng May-kapansanan na inaatas sa ilalim ng subsection (b):

"MANGYARING TANDAAN: Ang Ari-arian ay maaaring hindi kasalukuyang tumutugon sa lahat ng umiiral na mga pamantayang may kaugnayan sa pagkakagawa para sa madaling paggamit, kabilang ang mga pamantayan para sa mga pampublikong palikuran at mga pasukan at labasan sa unang palapag ng gusali."

(d) Ang Komersiyal na May-ari ay dapat lumagda, at kumuha ng lagda ng Umuupa sa Maliit na Negosyo (Small Business Tenant), ang Pasabi sa mga Obligasyon ng Madaling Paggamit ng May-kapansanan sa ilalim ng mga subsection (b) at (c) s pagsapit o bago ng pagpapatupad o pagsususog ng Pagpapaupa at nararapat na magbigay sa umuupa ng kopya ng Small Business Commission's Access Information Notice na binigyang kahulugan sa ilalim ng Seksiyon [38.6](#) sa hiniling na lengguwahe ng umuupa.